
MKLRP
'LIYAB
MABUHAY ANG NPA!

# MGA NILALAMAN

3 *Hamon sa mga Rebolusyonaryong Guro*

7 *Ang Pagtahak sa Landas ng Rebolusyonaryong Dahas*

13 *Balitang Kanayunan*

16 *Balitang Tagumpay*

18 *Kuwentong KAGUMA*

20 *Kasamang Reynaldo "Ka Minoy" Bocala: Rebolusyonaryong guro ng mamamayan*

22 *Guro Ako, Isang Rebolusyonaryo ni Chay Guevarra*

23 *#SipatKaguma*


# HAMON sa mga REBOLUSYONARYONG GURO

KAGYAT AT MAHIGPIT NA TUNGKULIN NG BUONG REBOLUSYONARYONG KILUSAN SA KASALUKUYAN ANG PAGPAPALAKAS NG BAGONG HUKBONG BAYAN AT PAGPAPASIGLA NG ARMADONG REBOLUSYON, NA PANGUNAHING ANYONG PAKIKIBAKA UPANG MAKAMIT NG MAMAMAYANG PILIPINO ANG PAMBANSANG PAGLAYA AT PANLIPUNANG PAGBABAGO.

Para wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistema na pinananatili ng mga reaksyunaryong uri, kailangang magapi ang armadong lakas nito na gumagamit ng dahas upang ipagtanggol ang kanilang pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayan. Tanging ang paglulunsad at pagpapalakas ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan ang magbibigay ng kapangyarihan sa rebolusyonaryong pwersa at mamamayan, magtatatag ng demokratikong gobyerno ng sambayanan, at wawasak sa kapangyarihang pampulitika ng mga reaksyunaryong uring sunud-sunuran sa imperyalista. Ang mahigpit na pagtangan sa demokratikong rebolusyong bayan ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran at kanayunan ay nangangahulugan ng pagbibigay halaga at pagtugon sa mga gawain sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, lalo na sa pagsasampa at pagbibigay ng suporta sa Bagong Hukbong Bayan na siyang pangunahing gumagampan nito.

Kasabay ng pakikibaka upang labanan ang pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismong US at ng tuta at pasistang Marcos Jr. at mapanagot ang nagdaang Rehimeng Duterte, kailangan ang tuluy-tuloy na pagpupunyagi upang pukawin, organisahin ang malawak na masa mula sa iba't ibang uri at sektor, partikular ang sektor ng guro at mga kawani sa edukasyon upang umanib sa rebolusyonaryong kilusan at masiglang mapakilos para sa demokratikong rebolusyong bayan. Napatunayan sa kasaysayan ng rebolusyon na natatangi ang naging ambag ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran sa komprehensibong pagsulong at paglakas ng Bagong Hukbong Bayan, mga larangang gerilya at rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan, laluna ng mga nagmula sa kilusang manggagawa, malamanggagawa, kabataang estudyante, at mga propesyunal tulad ng guro, manggagawang pangkalusugan, siyentista at taong simbahan.

Hindi maipagkakaila ang naging ambag ng mga nagmula sa hanay ng petiburgesyang lungsod sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Gumampan ng mahahalagang papel ang mga petiburges katulad nina Emilio Jacinto, Mariano Alvarez, Apolinario Mabini




at iba pa sa paglaban ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kalayaan mula sa mga dayuhang mananakop sa pamumuno ni Andres Bonifacio. Sa kasalukuyang bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon, malaki ang naging bahagi ng mga petiburgesyang intelektwal at iba pang nagmula sa rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran sa pagtayo at pagpalakas ng Bagong Hukbong Bayan mula noong 1969 at nagtuluy-tuloy hanggang sa unang bahagi ng dekada otsenta. Hindi matatawaran ang ipinamalas na katatagan ng mga katulad nina Julius Giron, Prudencio Calubid, Antonio Cabanatan, Concha Araneta, Jorge Madlos, Maria Malaya, Edgar Jopson, Benito Tiamzon, Wilma Austria, at Joma Sison, sa kanilang pangunguna sa pagsulong at pagbibigay tanglaw sa landas ng demokratikong rebolusyon.

Natatangi din ang naging buhay ng ilang gurong piniling iwanan ang pagtuturo sa silid-aralan sa kanilang pagyakap sa armadong pakikibaka upang paglingkuran ang sambayanan. Ang mga gurong katulad nina Andres “Ka Magno” Hubilla at Reynaldo “Ka Minoy” Bocala at iba pang mga dakilang martir na mga edukador ay nag-alay ng kanilang talino at kasanayan sa kanayunan at naging mga rebolusyonaryong lider at guro ng mamamayan na may matatag na rebolusyonaryong paninindigan hanggang sa kahuli-hulihan. Sila ay iilan lamang sa mga halimbawa ng mga gurong angkin ang diwa ng puspusang pakikibaka at pagsasakripisyo upang paglingkuran ang sambayanan at umani ng mga tagumpay para sa rebolusyon.

> **"Sa paglulunsad ngayon ng Kilusang Pagwawasto ng buong rebolusyonaryong kilusan, muling ipinanawagan ang maramihang pagsampa sa BHB ng mga petiburgesyang intelektwal na nagmamahal sa masa at rebolusyon kabilang ang kaguruan upang makapag-ambag sa pagpapalakas ng BHB at pagpapasigla ng armadong pakikibaka sa kanayunan."**

Si Andres Hubilla, na kilala ng masa sa Sorsogon bilang "Pay Magno", ay isa sa kadreng namuno sa Celso Minguez Command ng BHB sa Sorsogon sa loob ng halos tatlong dekada. Nagmula sa isang mahirap na pamilya, namasukan si Ka Magno bilang house boy at sa kanyang pagsisikap ay nakapagtapos bilang guro sa Anunciation College sa Sorsogon. Kaagad siyang nakapagturo sa high school at naging popular na guro sa kanyang mga mag-aaral. Sa panahon ng diktaduryang Marcos, naranasan ng 14 taong gulang na Ka Magno ang pagkabilanggo at tortyur sa kamay ng Philippine Constabulary (PC). Siya ay naging kasapi ng Kabataang Makabayan, kalaunan ay sumampa sa hukbong bayan upang labanan ang pasistang diktaduryang Marcos, at naging magiting na kumander at lider ng rebolusyon sa probinsya. Hindi nakaligtaan ni Ka Magno ang pagiging guro, at nagpursigi sa pagtulak sa mga Pulang mandirigma at anak ng maralitang magsasaka na mag-aral sa balangkas ng rebolusyunaryong paaralan.

Maituturing na isa sa mga haligi ng rebolusyon sa Panay si Reynaldo "Ka Minoy" Bocala, na kabilang sa mga kasamang sumuong sa kahirapan at sakripisyo ng unang pagsisikap na maipundar ang rebolusyon sa kanayunan ng isla mula sa halos wala. Sa edad na 19 anyos ay nakapagtapos siya ng kolehiyo sa Colegio dela Purisima Concepcion sa Roxas City, Capiz at nagsimulang magtrabaho bilang guro. Noong ibinaba ni Marcos ang Martial Law, isa si Ka Minoy sa mga aktibistang gurong propesyunal na kinailangang kumilos ng lihim (UG) dahil sa panunugis ng estado. Sa sumunod na taon ay hindi siya nag-atubiling magpultaym sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan upang tugunan ang panawagan ng pagsampa ng mga petiburgesyang intelektwal. Isa sa mga tampok na ambag ni Ka Minoy ang pagsisikap niya at ng dalawa pang mga kasamang guro na tugunan ang pangangailangan sa edukasyon ng masa sa border ng probinsiya ng Aklan, Capiz, at Iloilo sa pamamamagitan ng pagtayo ng rebolusyonaryong eskwelahan ng literasiya. Dito ay tinuruan nila ang mga bata ng pagbabasa, pagsusulat, at kalinisan sa katawan at kapaligiran.

Walang katumbas ang ambag ng mga nagmula sa hanay ng petiburgesyang intelektwal na nagdadala ng abante at siyentipikong kaalaman na ginagabayan ng tamang pag-unawa sa Marxistang teorya. Sila ay nakatutulong ng malaki sa pagpapaunlad ng praktikal na kilusan sa kanayunan upang tuluy-tuloy na makahakbang pasulong ang digmang bayan. Mahalaga

rin ang papel ng mga nagmula sa uring petiburges sa pagpapasigla ng gawaing pampulitika sa kanilang paggampan sa tungkulin bilang opisyal pampulitika sa mga yunit gerilya upang buuin ang matibay na pagkakaisa sa mga yunit ng hukbo, ang pagkakaisa ng hukbo at masa, at epektibong magampanan ang paglalansag ng pasistang tropa ng reaksyunaryong estado.

Katulad ni Propesor Jose Maria Sison, na isang guro at propesor, na nanguna sa pagwawasto sa lumang pinagsanib na Partido Komunista at muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa gabay ng MLM. Siya ay naging Pangulong tagapagtatag nito at isa sa nanguna sa pagtatatag ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29 1969, kasama ang ilang mga beteranong kumander ng dating Hukbalahap (HMB). Binigyan ng kongretong hugis ni Propesor Joma ang paglalapat ng Marxsismo-Leninismo-Maoismo sa lipunang Pilipino- ang pagsusuri sa isang mala-kolonyal at malapyudal na lipunan at ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan na may sosyalistang perspektiba sapamamagitan ng matagalang digmang bayan sa pamumuno ng proletaryado na tanging paraan para sa pambansang paglaya at ganap na demokrasya ng mayorya ng mamamayan. Tinalikuran ni Propesor Joma ang marangyang pamumuhay mula sa kanyang pinagmulang pamilya at tinahak ang mga sakripisyo para pangunahan ang pagpupundar ng rebolusyonaryong kilusan sa boung bansa sa maagang bahagi nito. Hanggang sa kanyang huling hininga, walang pag-iimbot na inialay nya ang sarili para sa pagpapaunlad ng rebolusyong Pilipino.

Sa paglulunsad ngayon ng Kilusang Pagwawasto ng buong rebolusyonaryong kilusan, muling ipinanawagan ang maramihang pagsampa sa BHB ng mga petiburgesyang intelektwal na nagmamahal sa masa at rebolusyon kabilang ang kaguruan upang makapag-ambag sa pagpapalakas ng BHB at pagpapasigla ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Mahalaga rin ang hindi natutuyong suporta mula sa rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran sa pormang materyal at pinansyal, pasilidad para sa pangangailangan ng hukbo, at paggampan sa mga espesyal na gawain na direktang nagsisilbi sa armadong pakikibaka.

Masusukat ang paglakas at konsolidasyon ng rebolusyonaryong kilusang guro sa pamamagitan ng maramihang pagpapasapi sa Kaguma at ang pagtatayo ng mga balangay nito sa loob at labas ng mga paaralan na tuwirang mag-aambag sa muling pagpapalakas at pagpapasigla ng demokratikong rebolusyong bayan at armadong pakikibaka sa kanayunan. Sukatan ng ating ambag ang tuwirang paglahok sa armadong pakikibaka at pagsapi sa Bagong Hubong Bayan mula sa hanay ng mga rebolusyonaryong guro at kawani sa edukasyon na kasapi ng Kaguma, at pakikipamuhay sa masang maralita sa kanayunan upang makatulong sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila sa landas ng rebolusyonaryong pagkakaisa at pakikibaka.

Katulad ng mga nagdaang kilusang pagwawasto, tiyak na mapagtatagumpayan natin ang mga hamon na hinaharap ng rebolusyonaryong kilusan sa kasalukuyang yugto ng demokratikong rebolusyong bayan at mabilis na kakambyo pasulong kung ating mapanghahawan at matutugunan ang nangungunang tungkulin sa pagpapalakas ng BHB at iba pang mga gawain na nagsisilbi sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Matatag tayong magpunyagi sa pagsusulong ng digmang bayan taglay ang diwang walang takot sa pakikibaka para sa pambansyang paglaya at demokrasya hanggang makamit ang ganap na tagumpay. Paglingkuran ang sambayanan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

# Ang Pagtahak sa Landas ng Rebolusyonaryong Dahas



## Unang Bahagi

### *Dahas, Kalikasan ng Tao, at Teorya ng Ebolusyon*

Ang pagkamakatwiran at pangangailangan ng paglulunsad ng rebolusyon sa isang makauring lipunan ay nakabatay sa materyalistang pananaw at sinusuhayan ng siyentipikong teorya ng ebolusyon. Ang teorya ng ebolusyon ay naghahatid ng analogong pananaw sa Marxistang teorya, at nagbibigay din ng dagdag na lente sa pag-aaral ng mekanismo at mga baryasyon sa pag-unlad ng tao at lipunan.

Ipinapaliwanag ng teorya ng ebolusyon na ang lahat ng *species* sa mundo ay nagmula sa iisang ninuno at paunti-unting nagbabago ang mga organismo sa paglipas ng panahon upang mas makaangkop ng mabuti sa kanilang kapaligiran para mabuhay at dumami, at ang mga organismo na ay *adaptive traits* ay mas nakalalamang na may pagkakataon na maipasa ang mga katangiang ito sa susunod na henerasyon. Ang *natural selection* ay pangunahing mekanismo, ang proseso kung saan ang mga salik sa kapaligiran ay umaakto bilang *selection pressures*, umaayon o sumasalungat sa pagkabuhay at pagparami ng mga organismo depende sa katangiang taglay nito.

Sa populasyon ng mga organismo ay may baryasyon ng mga katangiang *genotypic* at *phenotypic*, at kung nananatili ang kapaligirang pumapabor sa partikular na mga katangian, ito ay maaaring dumami sa loob ng isang populasyon. Ang mga katangian ay nagbabago upang mas umangkop sa kapaligiran, subalit kung mayroong mabilis na pagbabago sa kapaligiran, ang ilang *species* o organismo ay hindi makaangkop kaagad na maaaring pagmulan ng pagbaba ng kanilang populasyon at sa huli ng *extinction*. Ang bagong *species* ay nasisilang kung ang mga bagong katangian nito ay may malaki nang pagkakaiba sa katangiang taglay ng mga nagdaang henerasyon.

Mas nauunawan ang kalikasan ng tao at ang relasyon nito sa kalagayang kinaiiralan sa pag-unlad ng *integrated* at *evolutionary sciences*. Sa pag-aaral sa *gene-environment interaction*, na tumutukoy sa *interplay* ng *genes* at panlabas na kalagayan, mga salik sa *natural* at *social environment*, na maaaring nagaganap sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ayon dito, ang *genetic variations* sa mga tao ay lumilikha ng magkaibang reaksyon sa iisang kapaligiran o panlabas na kalagayan. Pinag-aaralan din ang *phenotypic plasticity*, ang kakayanan ng isang organismo kung saan ang isang *genotype* ay maaaring maglikha ng magkaibang *phenotype* depende sa mga paktor sa panlabas na kalagayan katulad ng temperatura, nutrisyon, at stress. Ilan sa halimbawa nito ay ang kulay ng

buhok, kulay ng balat, at timbang ng tao, maging ang talino at kondisyon ng *mental health*. Ang kasalukuyang umiiral na siyentipikong opinion, kapwa ang genes at panlabas na kalagayan ay nag-iimpluwensya sa lahat ng katangian.

Ang *adaptive traits* ay nahuhubog sa pamamagitan ng *natural selection* at iba pang mekanismo ng ebolusyon. Ito ang mga katangian na tumutulong sa mga organismo na mabuhay at magparami sa isang partikular na kapaligiran – maaaring ito ay pisikal o *structural, behavioral* o minanang sistema ng pag-uugali, o mga internal na proseso na ispesipikong pungsyon (*physiological*). Sa kabilang banda, ang *maladaptive traits* naman ay kabaligtaran ng *adaptive traits* – ang mga ito ay nakasasama kaysa nakakatulong sa *survival* at reproduksyon ng organismo likha ng pagbabago sa *genes* o *environment*, o interaksyon ng pagbabago ng *phenotype* ng organismo at pagbabago sa kapaligiran.


Habang patuloy pang pinag-aaralan ng siyensya kung paano nagaganap ang ebolusyon, hindi maipagkakaila na ang pag-unlad ng tao bilang *species* ay itinatakda ng inter-relasyon ng maraming salik – ang internal na kalikasan at mga katangian nito, natural na kapaligiran, ang relasyon nito sa kaparehong tao at ibang organismo, at kanyang aktibidad at karanasan. Ang aktibidad ng tao upang makakalap ng pagkain ay malaking bahagi ng kanyang ebolusyon, katulad ng paglalakad at pagtindig ng matuwid gamit ang dalawang binti o *bipedalism*.

Lumawak ang papel na ginagampanan ng tao sa kapaligiran, kalakip ang interaksyon sa kalikasan, pakikipagrelasyon sa ibang organismo at kaparehong tao. Ito ay dahil sa kanyang mataas na kakayanan sa pagtuklas, pagkatuto at pag-iisip upang baguhin kanyang kapaligiran para matugunan ang kanyang pangangailangan, kagustuhan, at tunguhin.

Bilang bahagi ng isang komunidad o lipunan, ang tao ay nakikipamuhay, umuugnay, at nakikipagtulungan sa kapwa tao. Sa proseso ng ebolusyon ng tao at pagsisikap nito upang umangkop sa kalikasan, mabuhay at magkaroon ng salinlahi, kasabay na nahubog ang kanyang talino.

Ang *human intelligence* ay itinuturing ng maraming siyentipiko na isang *adaptive trait* o tinatawag ding *adaptive intelligence*. Ang *adaptive intelligence* ay interaksyon ng tao, kalagayan, gawain at layunin – ang paglutas ng mga suliranin na nangangailangan ng pagkatuto, kapasidad intelektwal, kakayanan at kasanayan. Ang tao ay umaangkop sa nagbabagong kalagayan at may kakayanang matuto mula sa karanasan, kalakip ang *social learning* para humango mula sa kinagawian at pamamaraan ng iba, at gumamit ng impormasyon at kaalaman para epektibong harapin ang iba't ibang kalagayan. Hindi tulad ng ibang *adaptive traits*, ang *adaptive intelligence* ay kumplikado at pinag-aaralan pa sa ngayon ang mekanismo at pag-unlad nito.

Bilang produkto ng talino ng tao, kasabay na umunlad ang marahas at di-marahas na paraan sa paglutas ng suliranin at tunggalian, ang dalawang tendensiyang ito ay magkaugnay sa kasaysayan ng pag-unlad ng tao at lipunan – ang pag-iral ng dahas at digma, at kooperasyon, negosasyon, diplomasiya,



at kolaborasyon ay makikita sa bawat yugto. Ang marahas at di-marahas na paraan ng paglutas ng tunggalian ay may malalim na ugat sa ebolusyon ng tao, na maaaring nagmula pa sa *common ancestor* ng *chimpanzee, bonobo* at sinaunang tao, na nabuhay mahigit 6 milyong taon ang nakaraan.

Ang paggamit ng dahas ay maaaring *proactive violence*, na planado, sinasadya, at umaatake. Halimbawa nito ay pangangaso para makahuli ng makakain. *Affective* o *reactive violence* ay kagyat na reaksyon sa banta bilang depensa. Ang mga ninunong primates ng sinaunang tao sa nagdaang mahigit 50 milyong taon ay gumamit ng *proactive violence* bilang mga indibidwal sa kumpetisyon sa rekurso at oportunidad sa pakikipagtalik, at *reactive violence* sa pagdepensa sa sarili laban sa mga *predators*.

Ang ilang mga ebidensiyang natuklasan ay nagpapakita na matagal nang may karahasan sa pagitan ng mga sinaunang tao subalit hindi mapagtibay kung ito ay karahasang naganap sa loob ng isang pangkat o sa pagitan ng magkaibang pangkat ng sinaunang tao. Isa sa pinakamatandang ebidensiya ay nagmula sa bungo ng isang *Homo erectus* na nabuhay 1.8 milyong taon ang nakaaraan na may marka ng naghilom na pinsala na posibleng nagmula sa dahas. Mayroon ding ebidensiyang malinaw na nagpakita ng mga insidente ng karahasan na natuklasan sa Spain mula sa walong indibidwal, na maaaring nabibilang sa *Homo heidelbergensis*, na nabuhay 430,000 taon ang nakaraan. May mga ebidensiya din na nakuha sa Kurdistan na nagpapakita ng karahasan ng *Homo sapiens* laban sa mga *Neanderthals* tinatayang 50,000 taon ang nakaraan.

Ang kolektibong dahas ay maaaring nagmula sa pagmana ng sinaunang tao ng kasanayan na makibahagi sa *cooperative hunting* ng maliliit na hayop mula sa *species* na *common ancestor* ng sinaunang tao, *chimpanzee*, at *bonobo*. Ang kapasidad na ito ay umunlad ng paunti-unti, nabago at naging kakayanan ng isang pangkat na pumatay ng indibidwal ng kaparehong *species*, patungong labanan sa pagitan ng mga pangkat, na pagkaraan ay pinahusay ng paggamit ng mga sandata. Kapwa ang kakayanan at mga sandata ay umunlad sa nagpatuloy na praktika ng kolektibong dahas.

May mga ebidensya, sa pagkatuklas ng *Oldowan stone tools* sa Africa, na ang sinaunang tao ay nag-uumpisa nang magkatay at kumain ng karne 2.6 milyong taon ang nakaraan, subalit ang ebidensyang nagpapatunay na ang tao ay nangangaso sa pamamagitan ng pananambang at paggamit ng sibat ay mula sa 1.8 milyon taon ang nagdaan na nakuha sa Tanzania, Africa. May matibay na ebidensya na sa nagdaang 300,000 taon, ang *Homo sapiens* ay may planado at samasamang pangangaso na gumagamit ng patibong at *short-range projectile* na sandata hanggang sa umunlad ito sa *long-range* 90,000 taon ang nagdaan.

Ayon sa mga siyentipiko, ang sinaunang tao ay pumapatay ng kaparehong tao upang depensahan ang teritoryo o magkaroon ng dagdag ng teritoryo, makakuha ng rekurso, at maitaboy ang mga karibal sa kapareha, kahalintulad ng nakikita sa mga *chimpanzee*. Ang ilang siyentipiko ay mayroong teorya na nakabatay sa ebidensya na upang mamentena ang pagkapantay-pantay sa primitibo komunal na lipunan ng sinaunang tao at mapigilan ang pangingibabaw ng despotikong lider, pinapatay ng pangkat, sa partikular ng alyansa ng mga lalaki, ang indibidwal na lalaking dominante, agresibo, at nagpapakita ng kontra-sosyal na katangian na nagsimula tinatayang 400,000 taon na



ang nagdaan. Maaaring mayroon ding dagdag na mga benepisyo katulad ng kagamitan o kalakal, pagmamay-ari ng bihag, pagkilala at iba pang gantimpala sa loob ng kanilang pangkat na humikayat sa mga natatanging ambag at partisipasyon sa mga pagpaslang at labanan, subalit hindi pa mapagtibay kung kailan at saan ito nagsimula.

Ang paggamit ng kolektibong dahas, mula sa labanan sa pagitan ng magkaibang pangkat ng sinaunang tao ay naging instrumento upang mangibabaw ang isang pangkat sa katunggaling pangkat o mga pangkat at umunlad patungong paglulunsad ng digma.

## Makauring Lipunan, Kultura, at Dahas

Sa pag-aaral ng mga ebidensyang natuklasan sa antropolohiya, sinasabing ang kolektibong dahas ay maaaring nagsimula noong huling bahagi ng *Paleolithic era* (o *Mesolithic era* sa ibang katawagan, ang yugto ng transisyon patungong *Neolithic*), kasabay ng pag-unlad ng agrikultura at pagtatayo ng mga sedentaryong komunidad. Ang mga ebidensyang ito ay bungo o kalansay ng ilampung tao na natuklasan sa Egypt at Kenya na malinaw na nagpapakita ng kolektibong dahas na gumagamit ng sandata. Mas maraming mga ebidensya ng karahasan ang natuklasan sa Europe na nagmula sa *Neolithic era*, na ang ilan ay nagpapakita ng organisadong labanan – maigsing labanan sa pagitan ng maliliit na pangkat o komunidad, mga *massacre*, tungong matagalang digmaan na umaabot ng ilang buwan o taon sa pagitan ng mga magkatunggaling pangkat.

Ang yugtong *Neolithic* ay panahon ng maraming pagbabago sa pamumuhay ng sinaunang tao. Nagkaroon ng *global warming* na maaaring pumabor sa pag-unlad ng agrikultura at paghahayop. Nagbunsod ito ng sedentarisasyon ng mga komunidad, pagkaroon ng *surplus* sa pagkain at naiimbak na produkto. Nagsimula ang kalakalan at espesyalisasyon sa paggawa. Nalikha ang kondisyon sa pag-usbong ng pagmamay-ari at bilang resulta, ang mga uri. Lumaki ang populasyon hanggang nangailangan ng dagdag na teritoryo at mas maunlad na pamamahala ang lipunan katulad ng sentralisadong istruktura ng kapangyarihan. Naitayo ang mga komunidad, syudad, at mga emperyo. nagkaroon ng hirarkiya ng uri sa lipunan – pinuno, lider ng relihiyon, artisano, hukbo pang-atake at angdepensa ng sakahan at teritoryo, alipin na siyang nagtatrabaho para sa produksyon at sa ilang lipunan, sila'y ginagawang hukbo para sa digmaan.

Ang kumpetisyon para sa rekurso, dagdag na teritoryo, at pagkakaroon ng naghaharing uri na may ribalan ay nagpaigting sa mga tunggalian sa loob at labas ng mga pangkat at komunidad. Sa panahon ng *Bronze age*, simula 3300 BC, naging institusyunalisado ang digmaan, kung kailan nagkaroon ng mga sandatang yaring metal mula sa mga sandatang yari sa bato. Ang mga kabihasnan sa Africa at Mesopotamia ay mayroon ng malalaking hukbo na may opisyales at hilera ng kumand. Sumunod ang pag-usbong ng digma sa Europe, America at China.

Ang pagkaroon ng naghaharing uring nangingibaw sa ekonomiya at pulitika ng mga lipunan sa yugtong *Neolithic* ay nagsanhi ng pag-aalipin at paglawak nito. Ang mga alipin ay nagmula sa mga bihag ng digma, mga taong hindi makabayad sa pagkakautang o di kaya'y nakagawa ng krimen.

Ang pagkaroon ng naghaharing uri sa mga lipunan ay nagbago din sa katangian ng kolektibong dahas. Mula sa pagiging instrumento ng isang buong pangkat o komunidad para sa kanilang ikabubuhay at pangingibabaw sa katunggaling pangkat ay naging instrumento ito ng naghaharing uri upang makamit ang kanilang pang-ekonomiyang interes at kontrol sa rekurso, at upang maipanatili ang kanilang kapangyarihan at kontrol sa lipunan.

Ang mga sinaunang imperyo, katulad ng Greek at Roman, ay ginamit ang kanilang lakas militar upang palawakin ang teritoryo, mapagkukunan ng yaman, rekurso at alipin, kontrol sa ruta ng kalakalan, at mangibabaw sa kanilang nasasakop na populasyon. Ang mga kaharian ng Europe ay gumamit ng dahas upang magkaroon at magparami ng mga kolonyang pinagkukunan ng yaman at sapilitang paggawa. Kontrol sa teritoryong may likas na yaman, iba pang rekurso at merkado din ang nagtulak sa nagdaang WW I at WW II, maging ang sa kasakuyang nagaganap na *regional proxy wars* sa iba't ibang panig ng mundo. Maging noong unang panahon man, ang digmaan ay magandang balita para sa isang bahagi ng lipunan kalakip ang kumikita sa pagsigla ng produksyon ng sandata at

iba pang kagamitang pandigma.

Ang kolektibong dahas ng naghaharing uri ay nakasalalay sa pagpapanatili ng bayarang hukbo na kontrolado nito, maliban pa sa paggamit ng serbisyo ng mga grupo ng mersenaryo. Noong sinaunang panahon, Sa Egypt, ang sundalo ay binabayaran ng lupa para sa ikabubuhay ng pamilya, at sa Rome naman ay sa pamamagitan ng ginto o pilak at dagdag na pabuya. Sa ilang mga sinaunang "republika" na naitayo, ang hukbo ay nasa pangangasiwa ng nahalal na opisyal. Sa pagkonsentra ng kapangyarihan sa hari o emperador sa mga lipunang alipin, ang mga hukbo ay napailalim sa direktang kontrol nila.

Ang dahas ay ginagamit din ng naghaharing uri sa pagpapanatili ng kapangyarihan, kontrol, at pribilehiyo sa lipunan. Sa pamamagitan nito, natitiyak nila ang pangingibabaw ng kanilang uri o kapangkat sa iba pang pangkat sa lipunan, patahimikin ang pagtutol sa mga patakaran ng mas nakararami at nasa laylayan, at lupigin ang mga pag-aalsa. Sa paggamit ng dahas ay nalilikha ng naghaharing uri ang takot sa mamamayan para mag-alinlangan o di kaya'y panghinaan ng loob sa pakikibaka laban sa umiiral na kaayusan. Sa ilang pagkakataon, ang kolektibong dahas ay ginagamit din ng naghaharing uri upang sistematikong lipulin ang isang pangkat batay sa sobinistang paniniwala katulad ng Holocaust.

Sa pag-unlad ng sistema ng produksyon ng lipunan, sumasabay ang pag-unlad ng panlipunang istruktura at kultura, at humuhubog sa isa't isa. Ang uri ng kultura na umuunlad ay nakabatay sa panlipunang istruktura na maaring humikayat o pumapabor sa ilang kultural na paniniwala, kasanayan, at praktika habang pumipigil sa pag-unlad ng iba. Samantala, ang kultura ay nag-iimpluwensya din sa pagsasaayos ng lipunan, organisasyon at interaksyon ng mga tao, at nagtutulak ng panlipunang pagbabago.

Ang kultura ay nakasalalay sa *social learning*, na sumasaklaw sa ideya, pananaw, kaisipan impormasyon at kaalaman, maging sa kagawian at kasanayan. Ang mga hayop, katulad ng ibang primates at dolphin, ay nagpapakita din ng social learning, subalit ang tao ay natatangi sa kakayanan nito sa *cumulative culture evolution*, ang proseso kung saan ang kaalaman at natutuklasan ay pinauunlad, inuugnay-ugnay, binubuo, at ginagamit sa isang populasyon na tumutungo sa pag-unlad ng mas mataas at kumplikadong kasanayan at kaalaman. Tumutugon ng *cumulative culture* ang paglilinang at paggagamit ng kolektibong kaalamang nagmula sa nagdaang henerasyon at nagreresulta sa pabilis nang pabilis na pagdagdag sa sopistikasyon, habang maaaring mas nagiging episyente at epektibo, na ang resultang mga produkto ay hindi kakayaning buuin ng iisang tao lamang. Ilan sa halimbawa ay lenggwahe at sistema ng pagsusulat; teknolohiya at *by-products* ng teknolohiya; *social norms* at moralidad; relihiyon, sistema ng paniniwala, at ideolohiya; sining, panitikan, at estetika.

Sa pagkakaroon ng tao ng *cumulative culture*, ang *selection pressures*, mga panlabas ng kalagayan o salik na umaapekto sa kakayahan mga organismo na mabuhay, ay nadadagdagan ng *cultural selection* mula sa *natural selection* lamang.

Sa isang lipunang may nagtutunggaling mga pangkat na may magkaibang kultura at paniniwala, ang may *cultural traits* na kapaki-pakinabang sa kanilang pangkat ay nananatili atnananalo laban sa mga katunggali, alinsunod sa teorya ng *cultural group selection*. Ang mga pangkat na may matatag na kooperasyon, mahusay na dibisyon ng paggawa at espesyal na kasanayan, epektibong istruktura, at iba pang katangian na naipapasa at napauunlad sa loob ng kanilang pangkat ay nananatili, dumadami, at umuunlad. Subalit ang pagdami ang isang pangkat, gaano man kahusay ang naging pag-angkop nito, ay ililimita ng *carrying capacity* ng kapaligiran, limitadong rekurso, mabilis na pagbabago sa kapaligiran, at kumpetisyon sa limitadong rekurso sa loob mismo ng pangkat.

Ang naghaharing uri sa lipunang makauri na siyang nagmamay-ari ng kagamitan sa produksyon, humahawak ng kapangyarihan sa pulitika, institusyon at aparato pangkultura, at mga instrumento ng karahasan, ang primaryang nagtatakda ng *cultural selection pressures* na hinaharap ng mamamayan. Sistematiko nilang napapalaganap ang ideya, kaisipan, at paniniwalang pumapabor sa kanilang pang-ekonomiya at pampulitikang interes kahit ang mga ito ay hindi makatotohanan o makabubuti sa mamamayan.

Ang pagpapalaganap ng mga mitong nagsasalehitimo ng pangingibabaw ng naghaharing uri sa lipunan, katulad ng ga kaakit-akit na naratibong sumasakay sa mga tunggalian,


karaniwang paniniwala at asal, ay “nagbibigay katwiran” sa kaayusan at di-pagkapantay-pantay ng mga uri at pangkat sa lipunan. Ang mga ito ay nagiging instrumento din ng naghaharing uri upang *i-demonize* at *dehumanize* ang pinupuntiryang pangkat upang mapadali at maging katanggap-tanggap ang paggamit ng dahas laban sa mga ito, hanggang maging kalakaran sa lipunan. Maging ang naratibo ng kasaysayan ay ginagamit din upang ipalaganap ang maling kaisipan o di kaya’y pagtakpan ang karahasan ng naghaharing uri at mga dominanteng pangkat. Ilan sa mga ito – ang *“divine rights”* ng mga hari na gumigiit na ang kanilang awtoridad ay nagmula sa diyos kaya’t sila ay walang pananagutan sa mamamayan; ang Nazi propaganda laban sa mga Jews at iba pang pangkat na ang mga ito ay *“inferior”* at dahilan ng krisis pang-ekonomiya at pampulitika sa Germany; ang *“war on terror”* ng imperyalismong US at ipinatutupad ng mga malakolonya nito na ginagamit na dahilan para sa panghihimasok ng US at paglapastangan sa karapatang-pantao ng mga tinaguriang “terorista” na pangkat o indibidwal.

Kasabay ng paggamit ng naghaharing uri ng kolektibong dahas para sa pang-ekonomiyang ganansya at pagtatayo at pagpapanatili ng kanilang kapangyarihang pangpulitika, umunlad din ang kolektibong dahas bilang instrumento ng mga uring pinaghaharian laban sa pang-aapi at pagsasamantala, at maging sa pagtatayo ng bagong sistemang panlipunan.

Sa pagsisikap ng tao upang mabuhay at umunlad, nahubog ang kanyang kakayanan sa dimarahas na paraan sa paglutas ng suliranin at tunggalian, na ipinapakita ng kapasidad sa kooperasyon at *prosociality*. Itinulak ito ng *natural selection* at *cultural selection pressures* na nagpaunlad sa lawak at saklaw ng prosociality at kakayanan sa kooperasyon. Ang paglahok sa produksyon, pakikipagtulungan at pakikitungo sa loob ng pangkat o lipunan upang mabuhay ay humuhubog sa kanyang kamalayan at mithiin. Lumalim din ang pag-unawa nito sa kalikasan at kalagayan niya bilang tao, natutong magdamdam at makiramay sa kapwa at nagsilang sa pagiging makatao.

Ang pag-iral ng mga uri sa lipunan at ng pagsasamantala ng naghaharing uri, at ang kahirapan ng uring pinagsasamantalahan ay naging balakid sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng *prosociality* at lumikha ng kondisyon para sa katangiang *antisocial*. Ang paggamit ng dahas ng naghaharing uri upang sa mapanatili ang pangingibabaw sa lipunan at mapatindi ang pagsasamantala na nagdulot ng pagdurusa sa hanay ng uring pinagsasamantalan ay nagtulak sa mga ito na gumamit ng kolektibong dahas upang ipagtanggol ang sarili at makibaka upang mabago ang kanilang kalagayan.

Ang kolektibong dahas ay umaangkin ng bagong kahulugan, mula sa paggamit nito ng isang pangkat para sa kaligtasan, patungong makauring instrumento ng pagpapalaganap at pagpapanatili ng isang kaayusan – ito ay nagiging *survival strategy* ng mga inaapi’t pinagsasamantalahan at pamamaraan upang maitayo ang mas maunlad na lipunan. Habang tumitindi ang polarisasyon at umiigting ang mga tunggalian sa sanlibutan likha ng imperyalismo, ang pagharap sa usapin ng paggamit ng dahas bilang pangangailangan para sa ikabubuhay at kapayapaan ng sangkatauhan ay mas nagiging kagyat at napapanahon.



## LABANAN ANG WALANG TIGIL NA MILITARISASYON AT PASISMO SA KANAYUNAN

Sa kabila ng lumalalang krisis pang-ekonomiya at pulitika, mas pinapatindi ng pasistang AFP at rehimeng US-Marcos Jr. ang pag-atake sa kanayunan. Nagpapatuloy ang pinaigting na militarisasyon sa ngalan ng operasyong kontra-insurhensya ng GRP sa mga probinsya ng bansa katulad ng Quezon, Mindoro, Masbate, Panay, Negros, at Samar. Samu't saring krimen ang bumibiktima kapwa sa mga sibilyan at rebolusyonaryong pwersa na kagagawan ng AFP, PNP, at rehimeng US-Marcos Jr. katulad ng ekstra-hudisyal na pagpaslang, walang habas na pambobomba at pamamaril, pwersahang pagpapalikas, ang-aaresto sa gawa-gawang kaso, pagdukot, tortyur, pagbabanta, pagmamanman, intimidasyon at iba pang mga paglabag. Patunay ito ng kanilang pagsasantabi ng karapatan at kagalingan ng mamamayan, maging ng internasyunal na batas sa kondukta ng digmaan upang mapangalagaan ang interes ng mga korporasyon ng monopolyo kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya-kumprador, at panginoong maylupa.

Kailangan ang tuloy-tuloy na paglalantad ng paghahari-harian at walang habas na paghahasik ng teror ng mga pasistang tropa ng estado. Ang malawak na pakikiisa at pagkilos ng ibang uri at sektor ay mahalaga upang malabanan ang karahasan ng AFP, PNP, paramilitar, at iba pang grupong utusan nito na nananalasa sa buhay, lupa at kabuhayan ng mga magsasaka at pambansang minorya sa kanayunan. Nararapat ding igiit na igalang ang karapatang-pantao at tumalima sa internasyunal na makataong batas, matigil ang mga kahayupan at paglalapastangan sa karapatan kapwa ng sibilyan at pwersa ng rebolusyon na ginagawang kalakaran ng estado sa kasalukuyan, at mabigyan ng hustisya ang mga naging biktima ng mga krimen sa digmaan.

### MINDORO


Nananalasa ang mga pasistang tropa ng 203rd IBrigade sa pagtugis sa BHB upang malayang maipatupad ang mga proyekto at "programang pangkaunlaran" ng rehimen na wawasak sa kabuhayan at magpapalayas sa mga magsasaka at katutubo sa kanilang mga lupain.

Nagpapanggap na BHB ang mga tropa ng 4thIB, 203rd IBrigade upang makapanlinlang at sapilitang ginagawang giya ang mga sibilyan sa mga operasyon. Ginagamit sila bilang pananggalang at tahasang nailalagay ng militar sa panganib ang kanilang buhay na labag sa internasyunal na makataong batas. Pinaalalahanan ng BHB-Mindoro ang mga Mindoreño na mag-ingat laban sa mapanlinlang na kontramamamayang taktikang ito ng AFP.

Sa Barangay Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro, mariing tinututulan ng mga residente ang planong pagtatayo ng isang kampo militar ng AFP sa kanilang barangay. Ikinababahala nila na titindi pa ang operasyong kombat, pagmamanman at kampanyang kontra-insurhensya ng AFP, at ang posibilidad na maipit sa gitna ng putukan at engkwentro kung matutuloy ang pagtatayo ng kampo sa gitna ng barangay.

Pagkatapos ng bigong pag-atake ng pasistang 76th IBPA, 203rd IBde sa isang yunit ng BHB-Mindoro noong Pebrero 19 sa Sitio Bakyaan Upper, Barangay Tagumpay, Pola, Oriental Mindoro, ibinunton nila ang kanilang galit sa mga residente ng nasabing barangay. Pagkatapos ng labanan, nagsagawa ang militar ng walang habas na aerial straffing at pinaputukan ang mga taniman, bukid, at malapit sa kabahayan na isinasawalang-bahala ang kabahayan na isinasawalang-bahala ang buhay at ari-arian ng mga sibilyan. Napilitang lumikas ang mga apektadong residente dahil sa tindi ng militarisasyon

Noong Marso 1, pagkatapos ng palabas na pekeng labanan ng 4th IBPA at 203rd IBde sa Sityo Lomboy, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro, nagsagawa ang mga ito ng walang habas na pang-iistraping gamit ang dalawang Blackhawk helicopter at pag-papasabog ng apat na bomba sa lugar.



Bukod sa dalawang helicopter ay nakita rin ng mga residente ang mga lumilipad na eroplanong pandigma. Apektado sa nasabing insidente ang mga residente ng Barangay Panaytayan at Barangay Teresita. Kasalukuyang may 4 na detatsment at 7 MRCSP sa Barangay Panaytayan na nagdudulot ng dumaraming kaso ng paglabag sa karapatang pantao kagaya ng pambubugbog, panununog, iligal na imbestigasyon, blokeyo sa pagkain at pagkontrol sa aktibidad, intimidasyon at saywar sa mga residente. Tuluy-tuloy rin ang focused military operations sa barangay at mga karatig nito simula noong Pebrero 11. Ayon sa NDF-Mindoro, walang katotohanan na may naganap na sagupaan at walang BHB sa lugar nang mangyari ang pagpapaputok at pambobomba ng AFP. Nananawagan din ang NDF-Mindoro ng tulong para sa mga apektado ng pasistang pang-aatake ng 203rd IBde sa isla, at pakikiisa upang ipagtanggol ang karapatang pantao ng mamamayang Mindoreño at itigil ang militarisasyon sa kanayunan.

Pinabulaan ng BHB-Mindoro na Pulang mandirigma ang iniulat ng 4th IB na napaslang nito sa isang "engkwentro" noong Marso 14 sa Sitio Cabuyao, Barangay Panaytayan, Mansalay. Oriental Mindoro. Pinalalabas din ng AFP na nakakumpiska sila ng mga armas, bala at pampasabog sa nasabing insidente. Ayon sa BHB-Mindoro, walang yunit o elemento ng BHB sa naturang barangay sa panahong iyon. Hindi pa natutukoy ang pagkakakilanlan ng napaslang na biktima.

Binubuhusan ng pondo ng rehimeng Marcos Jr. ang AFP dahil inaasahan nilang mapapatigil ng pasismo ang paglaban ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Min-doreño sa proyektong ipinatutupad sa isla. Kabilang sa mga proyektong ito ang Tamaraw Reservation Expansion Project (TREP), isang proyektong ekoturismo at ang Lipitan Dam sa San Jose, Occidental Mindoro magpapalayas sa mga katutubong Mangyan sa kanilang lupaing ninuno at magpapadali sa pagmimina ng rekursong enerhiya at mineral. Itinutulak din sa probinsya ang solar farm project na tinatayang magdudulot ng dagdag na pahirap sa mga residente. Sa Timog ng Mindoro ay nakaamba naman ang pribatisasyon ng tubig at pagtatayo ng mga offshore wind farms sa Mansalay at Bulalacao.

## MASBATE

Mga kaso ng pagpatay, pambubugbog, pagdukot, at walang patumanggang pamamaril ang ibinunga ng nagpapatuloy na paghasik ng lagim ng mga sundalo ng AFP sa probinsya ng Masbate.

Binaril sa ulo ng mga sundalo ng AFP na nakaistasyon sa Barangay Paguihaman, Uson, Masbate ang dalawang binatilyong papauwi lamang galing sa isang Christmas party noong madaling araw ng Disyembre 27, 2024. Kaagad na namatay ang 18-anyos na si Redjan Montealegre, residente ng katabing Barangay Mongahay, at 14-anyos na si JP Osabel, residente ng Barangay Mabini. Sa Sityo Balunos, Barangay Rizal, Dimasalang, Masbate, nasugatan sa likod sa walang patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng 2nd IB noong Enero 19 ang dating barangay kagawad at magsasaka na si Marcial Detalo, 61-anyos. Upang pagtakpan ang krimen, ipinalabas ng 2nd IB sa midya na may engkwentrong naganap at bala ng BHB ang nakatama sa biktima. Noong Abril 23, alas-5 ng umaga, muli namang walang patumanggang nagpaputok ng baril ang mga sundalo ng 2nd IB sa Barangay Nadawisan, Cataingan, Masbate at idinahilan na may engkwentro sa BHB kahit wala namang naganap na labanan. Ikinagalit din ng mga Masbateño ang pag-okupa ng militar sa mga barangay na akop ng bayan ng Palanas at Dimasalang noong Enero 28. Ginawang himpilan ng mga ito ang mga komunidad at sentro ng baryo na pumiperwisyo at naglalagay sa panganib sa buhay ng mga residente dahil sa kanilang walang habas na pagpapaputok, paglimite sa oras ng pagtatrabaho ng mga magsasaka, pagnanakaw at iba pang krimen na bumibiktima sa mga sibilyan.

Noong Marso 29, alas-6 ng umaga, dinukot ng mga kasapi ng 96th Military Intelligence Company (MICO) ng 9th ID si Junior Tuling, 56 anyos, isang magsasakang residente ng Barangay Cabangcalan, Placer, Masbate. Nanawagan ng tulong ang pamilya at kamag-anak ng biktima upang matunton ang kanyang kinaroroonan at mapanagot ang mga berdugong militar na salarin sa krimen. Sangkot din ang mga tauhan ng 96th MICO sa pambubugbog kay Totong Cuyos, isang magsasaka at residente sa Barangay Cabrera, Dimasalang noong Marso 27. Kasunod ng engkwentro sa pagitan ng 2nd IB at BHB-Masbate noong Abril 17, isang magsasaka ang iligal na dinakip at pinaratangang mandirigma ng BHB-Masbate ng mga elemento ng 2nd IB. Ang biktima ay nakilalang si Isabel delos Reyes, 56 anyos, residente ng Barangay Libertad, Cawayan, Masbate.

## NEGROS

Walang tigil ang paghasik ng dahas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa isla Negros, na isinasagawa ng mga yunit ng 302nd IBrigade at 303rd IBrigade, kabilang ang 15th IB, 62nd IB, 79th IB, 94th IB, at mga surenderi na inuutusan nitong magpanggap na BHB.

Sa Central Negros, umaabot sa 11 barangay na bahagi ng Guihulngan at Canlaon City, Negros Oriental at La Castellana at Moises Padilla, Negros Occidental ang sinasakop ng operasyon militar ng 62nd IB na nagsimula noong ikatlong linggo ng Pebrero. Ginawang himpilan ng mga sundalo ang mga bahay ng mga sibilyan sa mga baryong sakop ng Guihulngan City at Moises Padilla, pati ang ilang eswelahan at simbahan. Hinalughog ng mga sundalo ang bahay ng isang magsasaka na si Melchor Fat sa Sityo Kantawad-Libas, Barangay Imelda,

Guihulngan City habang wala sa bahay ang nabanggit na may-ari. Sinira din ng mga sundalo ang mga pananim ng mga magsasaka sa Barangay Hinakpan at Barangay Imelda sa Guihulngan City. Nagbahay-bahay ang mga sundalo sa mga komunidad sa boundary ng Guihulngan at Canlaon City. Nagdulot ang operasyon militar ng perwisyo sa mga residente, na naantala sa kanilang pang-araw-araw na gawain dahil sa takot na maging biktima ng pananakit at pagmamalupit ng mga sundalo.

Matinding pananakot at panghaharas ang dinaranas ng mga kaanak ng mga Pulang mandirigma at iba pang residente ng Sipalay City at bayan ng Cauayan, Negros Occidental na kagagawan ng mga tropa ng AFP at ilang traidor sa rebolusyon katulad nina Jino Ogong o mas kilala bilang 'Ka Jumong' at ni 'Ka Bubbles.' Sa Barangay Camindangan, Sipalay City at mga barangay ng Inayawan, Camalandaan, Camindangan at Caliling sa bayan ng Cauayan na sakop ng Retooled Community Support Program (RCSP), ay nagbabahay-bahay ang mga pasista o di kaya'y paulit-ulit na ipinatatawag ang mga residente upang pilitin na "sumurender". Nagpapanggap din silang mga BHB at nangingikil sa mga residente.

Sa pagpasok pa lang ng taong 2025, sunud-sunod na paglabag sa karapatang-pantao ang sumalubong sa mga mamamayan ng isla ng Negros. Sa Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental, hinampas sa ulo ng mga sundalo ng 62nd IB ang isang binatilyong 16 anyos na si Jumong Dayono, matapos pinasok ng mga ito ang kanilang bahay at kinuha ang isang cellphone na nakita sa loob ng bahay noong Enero 16. Pangalawang insidente na ito ng pananakit na dinanas ng binatilyo sa kamay ng mga sundalo, ang unang insidente ay naganap noong Nobyembre 5, 2024.

Inaresto ng mga pulis noong Enero 2 ang tatlong manggagawang pangkaunlaran na may kaugnayan sa Paghida-et sa Kauswagan Development Group Incorporated (PDG Inc), isang organisasyon sa sentral at timog na bahagi ng Negros Island na nagsusulong ng karapatan ng mga magsasaka at mga mangingisda para sa sustenableng agrikultura at repormang panlipunan. Sina Federico Salvilla, Perla Jaleco at Dharyll Albanez ay inaresto sa mga kaso ng "terrorism financing" o paglabag sa Terrorism Financing and Suppression Act of 2012.

Sa Sityo Palosais, Barangay Mahalang,Himamaylan City, inaresto ng 94th IB ang isang nagngangalang Dado Sanchez noong Enero 14. Nagtungo ang biktima sa kanyang ulingan at pagkatapos ay hindi na nakabalik. Pinilit umano ng mga sundalo na magsilbing giya sa operasyong kombat si Sanchez. Sa Sityo Nahulop, Barangay San Antonio, dinakip ng mga sundalo ng 94th IB sina Aira Gonzales at Alfredo Hilado noong Enero 15 at hindi matunton kung saan dinala ang dalawang biktima. Binugbog si Hilado, ang asawa ni Aira Gonzales na si Joseph at isa nilang kapitbahay, habang tinaniman ng isang .45 kalibreng pistola, mga command-detonated explosive, at mga dokumento si Gonzales. Sa kaparehong araw, kinumpiska ng mga sundalo ang mga cellphone ng mga residente sa Sityo Nahulop. Pinagbantaan sila at inaratangang umuugnay sa NPA.

Noong Enero 31, inaresto ng 62nd IB ang 70-anyos na si Naring Remasog sa Barangay Linantuyan, Guihulngan City, Negros Oriental, sa hindi malinaw na batayan. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi matiyak ng pamilya kung saan dinala ng mga sundalo ang biktima at kung ano ang kanyang kalagayan. Sa Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental, inaresto si Bobet Carillo noong Enero 29. Pilit napinaghukay ng lupa sa ilalim ng kanilang bahay ang kanyang asawa at anak para umano hanapin ang armas na itinago doon ni Carillo subalit wala namang nakitang armas. Liban pa, sapilitang pinaggiya sa operasyong kombat si Carillo sa magkakanugnog na mga baryo sa sakop ng Binalbagan at La Libertad.

Dinampot ng mga sundalo ng 62nd IB mula sa kanyang bahay at sadyang pinaslang ang magsasakang si Rogelio "Gamatoy" Tanillo sa Barangay Tala-on, La Libertad, Negros Oriental noong Pebrero 10, alas-7 ng gabi. Pinalabas ng mga sundalo na napatay siya sa engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Walang patumangga silang nagpaputok para sa pekeng labanan na nagdulot ng labis na takot sa taumbaryo.

Dinampot ng mga ahente ng Crime Investigation and Detection Group at mga tauhan ng AFP sina Noynoy "Ka Jojo" Ponteras, 48 anyos, at Marisa "Ka Kim" Pobresa, 23 anyos, noong Marso 7, alas-7 ng gabi sa Bacolod City. Kinabukasan, pinalabas ng 79th IB at 303rd IBrigade na napaslang sila sa isang armadong engkwentro ng AFP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sityo Paraiso, Barangay Caduhaan, Cadiz City. Sina Ka Jojo at Ka Kim ay mga sibilyang tauhan ng NDF-Negros at bahagi ng naging tungkulin ng dalawa ang pagsasagawa ng konsultasyon sa mga manggagawa, magsasaka, manggagawang-bukid, at iba't ibang maralita at aping sektor sa isla.

Sa Sityo Tuyuman, Barangay Caradioan, Himamaylan City, dinakip at binugbog ng 94th IB si Alberto Piaduche noong Marso 9 ng gabi habang sakay ng motorsiklo kasama ang isa niyang kaanak sa paratang na sila ay myembro ng BHB. Sapilitang pinasakay sa isang pick-up truck ang dalawa at dinala sa loob ng hedkwarters ng militar. Doon binugbog si Piaduche at pinaamin na may ugnayan sa hukbong bayan. Pinakawalan sila nang maghatinggabi.

# BALITANG TAGUMPAY

## MATAGUMPAY NA AKSYONG GERILYA SA IBA'T IBANG BAHAGI NG BANSA, IPAGBUNYI!

Pinagpupugayan ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA) ang mga matagumpay na aksyong gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Rizal, Mindoro, Quezon, Negros, Bukidnon, Camarines Sur, at Masbate nitong nagdaang tatlong buwan. Ang mga bigwas ng BHB laban sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at rehimeng US-Marcos Jr ay tagumpay ng mamamayan.

Naglunsad ng taktikal na opensiba ang BHB-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command) laban sa 80th IB noong ika-17 ng Pebrero sa San Jose, Antipolo City, Rizal. Tugon ito ng mga Pulang mandirigma sa panawagan ng masang Rizaleño na tuldukan na ang mapangwasak na pagkakwari, pagmimina, at konstruksyon ng Wawa-Violago Dam sa lugar. Matatandaang noong nakaraan taon ay sunod-sunod ang naitalang pagguho ng lupa at pagbaha sa mga ilang baranggay sa Antipolo, partikular na sa Santa Cruz at San Jose, na nagdulot ng matinding pinsala sa kapaligiran at maraming pamilya. Bukod pa dito, lantaran ang karahasan at iba pang paglabag sa karapatang pantao ng 80th IB, na tunay na perwisyo sa mga Rizaleño, mula nang gawin nilang garison ang Barangay San Jose.

Sa Barangay Aya, La Libertad, Negros Oriental, pinaralisa ng mga Pulang mandirigma ang isang dump truck, isang pison, at dalawang backhoe bilang parusa sa kumpanyang pag-aari ng malaking kumprador na pamilyang Limkaichong noong Pebrero 8. Ang mga kagamitan na tinatayang nagkakahalaga ng Php 20 milyon ay ginagamit sa pagtatayo ng kalsada para sa mapandambong at mapangwasak na mina at plantasyon. Noong Marso 18, dalawang sundalo ang napatay at tatlong sundalo ang iniulat ng 79th IB na nasugatan sa aktibong pagdepensa ng yunit ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) sa Barangay General Luna, Toboso, Negros Occidental. Matagumpay ding ipinatupad ng BHB-Northern Negros sa utos ng rebolusyonaryong korte ang parusang kamatayan sa kriminal at intelligence asset ng militar na si Rickne Daipal noong Abril 15, sa Sityo Bairan, General Luna, Toboso, Negros Occidental. Si Daipal ay maysala sa limang kaso ng pagpatay at aktibong nagmamanman at nananakot sa mga residente sa lugar na pinaghihinalaan niyang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Nagdiriwang rin ang masang Mindoreño matapos biguin ng isang yunit ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang pag-atake ng 76th IBPA sa Pola, Oriental Mindoro noong ika-19 ng Pebrero. Nagsasagawa ng pagsisiyasat sa naging epekto ng 2023 oil spill sa Sitio Bakyaan Upper, Barangay Tagumpay ang BHB nang sugurin ng mga pasista. Matapos ang sagupaan, isinagawa ng mga berdugo ang aerial straffing sa lugar na pagbubunton ng kanilang pagkabigo sa mga inosenteng sibilyan. Bago ang naging aksyon sa Tagumpay, nakapaglunsad din ang mga yunit ng BHB ng mga aktibong pagdepensa sa iba pang parte ng Mindoro tulad sa Barangay Bayutbut sa San Jose, Occidental Mindoro at Barangay Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 11, at Barangay Budburan, Mansalay noong Pebrero 15. Mahusay na lumaban ang hukbo, at lumikha ng mga pinsala sa panig ng umaatakeng tropa ng 203rd Bde.

Matagumpay ding nakapagtanggol ang BHB-West Camarines Sur (Norben Gruta Command) sa bayan ng Ragay laban sa pag-atake ng 81st IB at 16th IB noong Pebrero 23 at 24. Nag-alay ng buhay si Angelo "Ka Kim" San Diego, isang Pulang mandirigma habang nagtamo naman ng hindi bababa sa pitong sugatan at 11 sundalong napatay sa panig ng kaaway.

Apat na magkakasunod na opensibang aksyon ang isinagawa ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command) mula Marso 15-24 bilang pagsalubong sa ika-56 taong anibersaryo ng pagkatatatag ng Bagong Hukbong Bayan at upang pagbayarin ang militar at lahat ng kasapakat nito sa kanilang krimen laban sa masang Masbatenyo. Kabilang sa matagumpay na mga aksyon ang pagpapasabog sa CAFGU detatsment sa Barangay Manlut-od, Placer noong Marso 24, alas-9 ng gabi, kung saan nagtamo ng dalawang patay at dalawang sugatan ang kaaway. Dalawang operasyong haras rin ang isinagawa ng Pulang hukbo noong Marso 15 at 22 laban sa nakahimpil na tropa ng militar sa Barangay San Vicente, Dimasalang at Barangay Estampar, Cataingan. Noong Marso 17, pinarusahan ng BHB-Masbate ang isang kumpanya sa konstruksyon dahil sa paglabag sa panuntunan ng rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagparalisa ng isang mixer truck sa Barangay Santa Cruz, Placer. Mula umpisa ng taong 2025, walang tigil ang operasyon ng militar sa Masbate, at kaliwa't kanan ang kanilang pandadahas at pananakot sa mga sibilyan.

Noong Abril 5, sinunog ng Pulang hukbo ng BHB-Bukidnon bilang parusa ang gusali at makina na ginagamit sa pagpuproseso ng kamoteng kahoy na pag-aari ng isang negosyanteng mangangamkam ng lupa sa Barangay Siloo, Malitbog. Tinatayang Php 3 milyon ang halaga ng sinunog at nakumpiska ng Pulang hukbo ang isang baril at dalawang radyo.

Mahusay na nakapagtanggol ang isang yunit ng BHB-Batangas (Eduardo Dagli Command) noong Abril 2 laban sa tangkang pang-aambus ng 59th IB sa Barangay San Isidro, Rosario, Batangas. Isa ang napatay at apat ang nasugatang sundalo ng AFP sa magiting na depensa ng Pulang hukbo. Noong Abril 6, binigo ng BHB-Quezon (Apolonio




Mendoza Command) sa isang engkwentro ang nag-ooperasyong tropa ng Philippine Army sa Barangay Mabini, Lopez na nagresulta sa tatlong kaswalti sa panig ng AFP. Dalawang beses na nabigwasan BHB-North Quezon (Apolonio Mendoza Command) sa mga labanan ang nag-ooperasyong tropa ng 80th IB noong Abril 16 sa Barangay Tanauan at noong Abril 23 sa Barangay Tagumpay sa Real, Quezon. Ang yunit ng 80th IB na naka-engkwentro ng hukbong bayan ay nagsisilbing protektor ng mapangwasak na dambuhalang proyektong Real Wind Energy Project (RWEP) ng ACEN Corporation ng Ayala Corporation.

Muli, pinagpupugayan ng KAGUMA ang BHB sa mga matagumpay nitong aksyong gerilya. Ang mga Pulang mandirigma ay tunay ngang di-pangkaraniwan at natatanging hukbo na nagtatanggol sa mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa mahusay na pakikidigma laban sa kaaway at malalim na suporta ng mamamayan, ibayo at kagyat pang aani ng mga tagumpay ang BHB.

## MATAGUMPAY NA AKSYONG GERILYA SA RIZAL AT MINDORO, IPAGBUNYI AT MAS PARAMIHIN!

Pinagpupugayan ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA) ang mga matagumpay na aksyong gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Rizal at Mindoro nitong nagdaang Pebrero. Tagumpay ng masang Rizaleño at Mindoreño ang matinding bigwas ng BHB laban sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at rehimeng US-Marcos Jr.

Sa Rizal, naglunsad ng taktikal na opensiba ang Narciso Antazo Aramil Command laban sa 80th Infantry Battalion (IB) noong ika-17 ng Pebrero sa San Jose, Antipolo City. Tugon ito ng mga Pulang mandirigma sa panawagan ng masang Rizaleño na tuldukan na ang mapangwasak na pagkakwari, pagmimina, at konstruksyon ng Wawa-Violago Dam sa lugar. Matatandaang noong nakaraan taon ay sunod-sunod ang naitalang pagguho ng lupa at pagbaha sa mga ilang baranggay sa Antipolo, partikular na sa Santa Cruz at San Jose, na nagdulot ng matinding pinsala sa kapaligiran at maraming pamilya. Bukod pa dito, lantaran ang karahasan at iba pang paglabag sa karapatang pantao ng 80th IB, na tunay na perwisyo sa mga Rizaleño, mula nang gawin nilang garison ang Barangay San Jose.



Nagdiriwang rin ang masang Mindoreño matapos biguin ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command ang pag-atake ng 76th IBPA sa Pola, Oriental Mindoro noong ika-19 ng Pebrero. Nagsasagawa ng pagsisiyasat sa naging epekto ng 2023 oil spill sa Sitio Bakyaan Upper, Barangay Tagumpay ang BHB nang sugurin ng mga pasista. Matapos ang sagupaan, itinuloy ng mga berdugo ang aerial straffing sa lugar na pagbubunton ng kanilang pagka-inutil sa mga inosenteng sibilyan. Bago ang naging aksyon sa Tagumpay, nakapaglunsad din ang mga yunit ng BHB ng mga aktibong pagdepensa sa iba pang parte ng Oriental Mindoro tulad sa Barangay Bayotbot sa San Jose, at Barangay Teresita at Budburan sa Mansalay. Mahusay na lumaban ang hukbo, at matindi ang pinsalang iniwan nila sa panig ng mga kaaway.

Sa kabila ng lumalalang krisis pang-ekonomiya at politika, mas pinapatindi rin ng pasistang militar at rehime ang pag-atake sa masa. Patunay na ang AFP at rehimeng US-Marcos Jr ay hindi kailanman magiging tagapagtanggol at tagapangalaga ng kanyang mga mamamayan at kalikasan. Sila ay mga proktektor ng mga korporasyon ng mga monopolyo kapitalistang dayuhan, malalaking burgesyakumprador, at panginoong maylupa.

Muli, pinagpupugayan ng KAGUMA ang BHB sa mga matagumpay nitong aksyong gerilya. Ang mga Pulang mandirigma ay tunay ngang di-pangkaraniwan at natatanging hukbo na nagtatanggol sa mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Nawa'y ibayo at kagyat pang mailunsad nang mas mahusay ang pakikidigma laban sa mga kaaway.

Nananawagan din ang KAGUMA sa mga kabataan, kapwa guro, at iba pang demokratikong puwersa na manindigan kasama ang mga mamamayan ng Rizal at Mindoro. Ipanawagan ang pagpapalayas sa mga militar, at mangahas na maglunsad pa ng mga pagsisiyasat at tuluyang ilantad ang kasamaan ng mga mapinsalang konstruksyon at proyekto. Higit dito, ipakita ang pinakamataas na pagsuporta sa hukbo sa pamamagitan ng pagtangan ng armas at direktang paglahok sa digmang bayan.


**MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN!**
**IBAGSAK ANG PAPET, PASISTA, AT KORAP NA REHIMENG US-MARCOS JR!**
**ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN!**



### 1. Kailan at paano narekluta sa Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA)?

**Amber:** Kinausap ako ng pangulo ng aming organisasyon tungkol sa kung nakikiisa ako sa Hukbo noong bandang Nobyembre 2024. Ang tugon ko'y kaisa nila ako sa mga ipinaglalaban, ngunit aminado rin sa takot at pag-aalangan sa armadong pakikibaka. Sa ganang akin, gawin ang lahat ng makakaya muna sa payapang paraan at edukasyon na nais ng nakararami sapagkat tunay na mahirap at marami ang masasakripisyo sa madugong labanan. Pero 'di maiiwasan, darating ang panahon o kondisyon na kakailanganin ang marahas na paraan, pero sana huwag humantong doon. Pagkatapos nito ay inanyayahan niya ako sa KGM. Amber ang aking koda, kombinasyon ng pangalan ng aking mga magulang. Nakadalo ako sa pulong at eleksyon para sa binuong *chapter* noong Enero 2025.

**Max:** Noong *January* 2024 ay nilapitan ako ng isang kasama at kinausap kung ano ang tingin ko sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Tumugon ako na bagamat may pag-aalanganin (sapagkat mabigat na isipin na kailangan pumatay ng kapwa Pilipino), kung kinakailangan ay pwede naman. Naisama na ako sa grupo ng *January* 14.




### 2. Anong mga gawain tinatanganan sa KAGUMA?

***Amber:*** Bagama't baguhan, pinagkatiwalaan ako ng mga kasama para maging pangalawang pangulo ng balangay Monico Atienza na bagong tatag na *chapter*. Nangangapa pa ako sa ngayon ngunit kailanman ay hindi ko naramdaman na kulang ako kahit baguhan ako dahil sa mabuting pakikitungo at pag-alalay ng mga kasama. Sa ngayon, ang mga nasangkutan kong gawain ay mga pulong at pagtitipon (*EDs, mobs, cultural night*).

**Max:** Sa simula ay naatasan ako sa pag-oorganisa, at tinipon ko ang tatlo pang kasama at itinayo ang cellula namin. Nakapag-rekluta ng dalawa pa sina Maria at Amber sa taon na iyon. Nakasama din sa iglap protesta sa Maynila, at ilang postering sa paligid ng aming *area*. Noong naitayo ang balangay ng M. Atienza noong Disyembre 2024 ay naging bahagi ng komite sa ED, at nagkaroon ng *intense training* o pag-aaral kada Sabado noong Marso 2025.

### 3. Sa gitna ng mga banta at teroristang atake ng estado sa rebolusyonaryong pwersa, bakit pinipili mong magpatuloy pa rin sa pagkilos?

**Amber:** Aminado ako na may takot akong nararamdaman dahil nga sa negatibong pagtingin at aksyon ng lipunan laban sa rebong puwersa, napakatindi ng pagpapalaganap ng maling impormasyon at propaganda. Walang nakakaalam tungkol sa aking pagsali rito, maliban sa isang matalik at mapagkakatiwalaang kaibigan. Maski ang pamilya ko ay hindi ito alam at kanilang itinatanong kung bakit ginagabi ako o

kung nasaan man ako, ang sagot ko lang ay may *meeting* sa organisasyon. Sa kabila ng lahat, naniniwala ako sa mga prinsipyo at pagkilos para sa masa't sa bayan ng puwersa kaya nagpapatuloy ako. Napakatindi ng kabulukan sa ating lipunan at ang ideolohiya ng kilusan ang tanging mabuting alternatibo/solusyon na nakikita ko sa ngayon.

**Max:** Nagpapatuloy pa rin ako sa pagkilos sa kabila ng banta at teroristang atake sa rebolusyonaryong pwersa dahil nais kong maging bahagi ng pagbabago sa ating bansa sa pinakamataas na paraan.

### 4. Ano ang mga hamon sa pagkilos at paano mo ito iniigpawan?


**Amber:** Pagod ang pangunahing hamon. Napakarami na nating tungkulin at gawain bilang guro sa bayang ito, tapos ay may dagdag na responsabilidad pa tayo sa samahan, bukod pa sa mga personal na pinagdadaanan. Iniigpawan ito sa pamamagitan ng pananalig at pagkapit lang talaga sa ating mga prinsipyo at mga "bakit" at "para kanino" ng ating pagkilos. Ang mga layunin natin na para sa pagpapabuti ng lipunan ang nagtutulak para magpatuloy pa rin.

**Max:** Ang mga hamon sa pagkilos ay ang takot na mahuli ng pulis o ibang awtoridad habang nagpoprotesta o nagpopostering. Takot na baka ma-*cancel culture* ng mga kapamilya at kaibigan. May mga EDs naman na sinamahan para lumalim pang-unawa.

### 5.Sa tingin mo, ano ang dapat mo pang paunlarin bilang rebo at ano pang dapat gawin ng kabuuang rebong kilusang guro para muling pasiglahin ang rebolusyonaryong kilusan?

**Amber:** Dapat kong paunlarin pa ang aking kaalaman gayundin ang pakikisangkot pa sa mga gawain ng kilusan at pakikiisa sa masa. Bilang mahiyain at *introvert*, *struggle* ko talaga ang pakikisalamuha; dahil sa samahan, lumalakas ang loob ko kahit paano, umuunlad at lumalago rin ako bilang tao. Para naman sa kilusan, hindi ko alam kung paano, pero kasi ang mga kalaban ay napakadaling magpakalat ng mga maling impormasyon. Napapaisip lang ako kung paano rin natun magagawa na makaabot sa mas malawak na masa o *audience*, ang huhusay kasi ng mga ED natin kaso tayo-tayo lang ito. Nauunawaan ko na para sa seguridad natin ito, pero iniisip ko lang din talaga kung paano pa natin mapapalawak ang ating hanay.

**Max:** Marami pa ako dapat na daanang pag-aaral upang mas lubos na maunawaan ang pagiging rebolusyonaryo upang mas mapalalim ang tindig sa mga isyu ng rebolusyonaryong kilusan. Mainam kung makapagsinsin muna tayo ng ating hanay sa balanghay, makilala sino-sino na ba ang mga kasapi, para mas maging aktibo sa pagrekluta hindi lamang sa bilang kundi pati sa kalidad ng mga kasapian.



# KASAMANG REYNALDO "Ka Minoy" BOCALA: REBOLUSYONARYONG GURO ng MAMAMAYAN

mula sa *Dabadaba* Nov 2021 Special Issue

Lubos na pinararangalan ng PKP at buong rebolusyonaryong kilusan sa Panay si Kaupod Reynaldo "Ka Minoy/Ka Hans/Ka Bading" Bocala bilang rebolusyonaryong bayani at guro ng mamamayang Panayanon na kanyang pinaglingkuran sa loob ng limampu't isang taon. Walang pagdadalawang-isip na inalay nya ang buong buhay para ipaglaban at ipagtanggol ang mahihirap at aping mamamayan. Kailanman ay hindi mapapawi ang alala ni Ka Minoy na nakatanim sa puso ng kabundukan at masa sa Panay bilang isa sa mga haligi ng rebolusyon sa isla.


Ipinanganak si Ka Reynaldo Bocala o Ka Hans, Ka Bading, at Ka Minoy noong June 2, 1946 sa Brgy. Aranguel, President Roxas, Capiz. Panganay siya sa apat na magkakapatid. Sa sariling pagsisikap at tulong ng mga magulang, natapos nya ang kanyang pag-aaral at gumradweyt bilang guro sa sa Colegio dela Purisima Concepcion sa syudad ng Roxas, Capiz. Sa batang edad na 19 siya nag-umpisangmagturo sa iba't ibang eswelahan sa Capiz.

Si Ka Minoy ay nagmula sa uring mababang petiburges, at isa siya sa iilang propesyunal na lumahok sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at nag-alay ng kanilang kabataan at kasanayan sa paglingkod sa sambayanan at pagsulong ng rebolusyon.

Noong 1971 umpisang namulat si Ka Minoy nang aktibo siyang lumahok sa mga talakayan pangpulitika sa hanay ng mga guro na naging daan sa kanyang pag-unawa sa totoong kalagayan ng lipunang Pilipino at mga saligang suliranin ng ating bansa. Ito rin ang panahon ng makasaysayang FQS sa Manila na naging mitsa ng pagsiklab ng paglaban ng mamamayan sa pasismo ng rehimeng US Marcos. Naging kasapi si Ka Minoy ng hayag na demokratikong organisasyon ng mga propesyonal sa Capiz, ang MASANG PROP (Makabayang Samahan ng mga Propesyonal). Napaka-aktibo ng organisasyon na maraming propesyonal ang naorganisa sa iba't ibang bayan ng Capiz at Roxas City. Noong Setyembre 1972, nang ibinaba ni Marcos ang Martial Law, kabilang sa mga hinabol ng reaksyonaryong mayor ng Lutod-tutod ang mga aktibista ng MasangProp. Napilitan si Ka Minoy at iba pang aktibista na magtago subalit nagpatuloy pa rin sa pagkilos.

Taong 1973, isa si Ka Minoy sa libo-libong kabataang propesyunal at aktibista na walang pag-atubiling tumugon sa panawagan ng Partido sa pagpultaym sa kanayunan. Bitbit ang prinsipyong paglingkuran ang sambayanan, kasama ang ibang mga kasama, sinuong nila ang kahirapan ng unang pagsisikap na maipundar ang rebolusyonaryong base sa border ng probinsiya ng Aklan, Capiz, kag Iloilo sa Panay. Dito nya ibayong napanday ang sariling paninindigan at katatagan sa gitna ng maraming nasalubong na sakripisyo at kahirapan sa pagpundar ng rebolusyon mula sa halos wala. Dito rin niya nakilala at naging kabiyak si Ka Concha Araneta na tagapagsalita ng NDFP-Panay at nagkaroon sila ng apat na anak.

Sa lugar ding iyon itinayo ni Ka Minoy kasama si Tay Ed (Nonito Aguirre, Sr.) at isa pang guro ang rebolusyonaryong eskwelahan ng literasiya para sa mga bata sa kalapit na mga baryo. Layunin ng pagtayo ng eskwelahan na tugunan ang kagyat na uhaw ng masa sa edukasyon na pinabayaan ng gubyerno. Dito siya nakilala bilang si Sir Hans ng mga masa lalo na ng mga bata na kanilang naging estudyante. Madaling naturuan ang mga bata ng pagbabasa, pagsusulat, pag-awit ng mga rebolusyonaryong awitin, at pagtula, na hanggang sa ngayon ay natatandaan pa ng mga naging estudyante ng rebolusyonaryong eskwelahan. Tinuruan din sila paano maging malinis sa katawan, bahay, at kapaligiran. Subalit dahil naging bantog na may itinayong paaralan ang NPA sa bundok, hindi rin nagtagal ang eskwelahan. Nireyd at sinunog ito ng Philippine Constabulary, at may pinaslang na sibilyan.




Malaki ang naging ambag ni Ka Minoy sa pagtayo, pagpalawak kag pagkonsolida ng rebolusyonaryong base sa intermedya at kabundukan ng Tapaz, Capiz. Isa siya sa mga susing kadre na namuno sa pagpukaw at pag-organisa ng mga pambansang minoryang Tumandok para ipagtanggol ang lupaing ninuno. Nagresulta ito sa mga tagumpay sa pakikibaka sa lupa ng mga mamamayang Tumandok laban sa pag-aagaw ng 3rd Infantry Division sang Phil. Army. Taong 1982-87, inilipat at itinalagang sekretaryo ng Sur na Prente si Ka Minoy. Sa panahong iyon ay naging kasapi siya ng komite sa rehiyon at komiteng tagapagpaganap (KT) nito. Sa panahon ding iyon ay napaunlad ang Sur na prente na may pinakamalawak na baseng masang sumasakop sa 1st, 2nd at 3rd district ng Iloilo at ilang bayan sa probinsiya ng Antique, at may pinakamaraming pultaym na pwersa sa kanayunan at hukbo sa buong isla. Panahon din ito na lumakas at nanalasa ang maling linya na lumikha ng kalituhan at pinsala sa rebolusyonaryong kilusan sa Panay at buong bansa. Hindi lingid kay Ka Minoy ang negatibong epekto ng maling linya na nagresulta sa pagkagasgas ng baseng masa at pagliit ng pwersa. Kaya't nang inilunsad ang IDKP sa rehiyon, isa siya sa matatag na nagtaguyod at nagsulong nito, kabilang ang pagsuma ng 10 taong karanasan ng Panay noong 1994.

Signipikante ang naging kontribusyon ni Ka Minoy sa pagsanay ng mga kadre, pagpaangat ng kanilang pangpulitikang kamulatan at edukasyon, at pakipag-alyansa sa panggitnang pwersa pati sa burukrasya. Isa rin sa malaking ambag ni Ka Minoy ang pagpundar at lubos na pagtindig ng rehiyon sa pagpalitaw ng rekurso. Kaniyang pinangunahan ang pagsikap sa pagpalitaw ng rekurso para maigpawan ang kakapusan hanggang nakatindig ang Partido sa rehiyon sa pagsagot sa demanda ng pangangailangan ng iba't ibang organo at lumalawak na mga gawain.

Maituturing na isang huwarang rebolusyonaryo si Ka Minoy. Hindi nalilimot ng mga kasama at masa ang kanyang pagiging masiyahan at malapit sa kanila. Kahit sa gitna ng mahaba at mahirap na martsa ay nakakaya pa niyang patawanin ang mga kasama sa kabila ng pagod. Madali din siyang kinagiliwan ng masa dahil sa katangiang lumalapit at nag-aaral kasama sila. Magaling din siyang manunula at kompositor. Isa dito ang kantang Istoryang Pangbanwahanon na naging popular sa hanay ng masa at kasama.

Huwaran siyang kadre na may matatag na paninindigan, pangingibabaw sa kahirapan at sakripisyo, at lubos na pagtiwala sa rebolusyon at sa partido. Mula sa pagharap sa mga hamon ng malalaking kahirapan at sakripisyo, pagkadakip ng kaaway at pagkabilanggo, sakit, at ilang beses na nalagay angbuhay sa panganib, masigasig siyang nanumbalik sa mga gawain. Hindi natitinag ang kanyang pagmamahal at paglilingkod sa masa.

Taimtim na hinahangad ni Ka Minoy na makita ang tagumpay ng rebolusyon sa hinaharap, kaya't kahitmatanda na at sakitin ay masipag pa rin siyang nag-iisip at gumagampan ng gawain, at maaari na sanang magretiro ngayong taon. Mayo 28, 2021 nang patraidor na pinatay ng kaaway habang nagpapagamot si Ka Minoy kasama ang kanyang buddy na si Ka Ramon sa loob ng isang bahay sa syudad ng Iloilo. Umaasa ang kaaway na sa kanyang pagkawala, magtatagumpay ang mga ito na mapahina at madurog ang rebolusyonaryong kilusan sa Panay. Sa halip ay lalo lang nitong paaalabin ang kapasyahan ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan na ipagpatuloy ang paglaban sa terorismo ng estado. Nararapat lamang na gawing ispirasyon ang buhay at karanasan ni Ka Minoy. Bigyangbuhay ang kanyang mga itinuro sa pamamagitan ng dagdag na tapang at sigasig sa pag-alay ng ating lakas, kaalaman at kasanayan para sa rebolusyon at tunay na kalayaan ng sambayanan.

# Guro Ako, Isang Rebolusyonaryo

ni Chay Guevarra

Ang pagtuturo'y mabigat na tungkulin,
Ito'y pagmulat ng isip at damdamin,
Isang ningas sa mapaniil na dilim,
Pag-aklas sa sistemang pahirap-sakim.

Hindi lang sa loob ng silid-aralan,
Tayo'y may mahalagang pananagutan,
Ngunit hanggang pagawaa't kanayunan,
May mga salot na dapat na labanan:

Imperyalismo at saka pyudalismo,
Pati na burukrata-kapitalismo,
Kakampi natin ang buong sambayanan,
Durugin ang mga peste ng lipunan!

Tanong nati'y may pag-asa ba ang bayan?
Mga mamamaya'y nilalapastangan,
Kaya't boses sa lansanga'y pag-alabin
Hanggang sa tagumpay ay marating natin!

Mga pangako ng pasistang estado
Tungkol sa dagdag sahod at benipisyo,
'Di nila 'to tutuparin kailanman
Dahil sila'y ganid, para sa dayuhan.


Mga magsasakang inagawan ng lupa,
Manggagawang binarat at inalila,
Tayo'y magkapitbisig at pabagsakin
Ang papet na rehimeng nang-aalipin.


Kaya hindi na dapat ipagtaka pa
Pagtangan sa armadong pakikibaka,
Isulong at tahakin ang digmang bayan
Yakapin buhay ng di-pangkaraniwan.

Tayong mga guro'y may pananagutan,
Sa mga kabataan at sambayanan,
Sila'y akayin natin sa rebong landas,
Tunguhin natin ang sosyalistang bukas!


*Teach*, halina at tumangan na ng armas,
Ang pagbabago'y kailangan ng dahas,
Mangahas makidigma, sumigaw tayo:
**"Guro ako, isang rebolusyonaryo!"**


ISULONG ANG ARMADONG REBOLUSYON
BAGSAK ANG REHIMENG U.S.-MARCOS


REBOLUSYON
ang TUNAY na SOLUSYON!
-Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA)


SUMAPI SA
BAGONG HUKBONG BAYAN


MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN
VIVA CPP NPA NDFP
SAGOT SA KAHIRAPAN DIGMANG BAYAN! -KASAMA
KABATAAN
SIYENTISTA SUMAPI SA NPA
MABUHAY ANG LIGA NG AGHAM PARA SA BAYAN
MABUHAY ANG IKA-56 ANIBERSARYO NG NPA
MABUHAY ANG CPP-NPA-NDFP! -KASAMA
HUKBONG BAYAN
NDF


MABUHAY ANG IKA-54
ANIBERSARYO NG
KATIPUNAN NG MGA
GURONG MAKABAYAN


IPAGDIWANG ANG IKA-56 NA TAON
NG BAGONG HUKBONG BAYAN!
KABATAAN, SUMAPI SA NPA!
ISULONG ANG DIGMANG BAYAN!


KAGUMA


IPAGDIWANG ANG IKA-56 NA TAON
NG BAGONG HUKBONG BAYAN
KABATAAN SUMAPI SA NPA!
ISULONG DIGMANG BAYAN

KAGUMA

kaguma_info@protonmail.com